## Saan pa ako makakahanap ng impormasyon?

Bumisita sa ***sfelections.gov/voterportal*** o i-scan ang QR code na ito para makita ang inyong impormasyon ng rehistrasyon, ma-access ang inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at sample na balota, piliin ang wikang nais para sa mga materyales para sa mga eleksyon o ang format na nais, subaybayan ang inyong balota, at makita ang inyong mga nahalal na opisyal at mga distrito ng pagboto, at marami pa.

## Interesado sa pagiging manggagawa sa botohan o mga oportunidad sa trabaho?

Mag-apply upang magsilbi bilang manggagawa sa botohan at makatanggap ng stipend na hanggang $295 para sa pagtulong sa mga botante sa Araw ng Eleksyon. Bumisita sa ***sfelections.gov/pwa***, i-scan ang QR code na ito, o tumawag sa (415) 558-6120.

Upang makita ang kasalukuyang mga oportunidad sa trabaho sa Departamento ng mga Eleksyon, bisitahin ang ***sf.gov/employment-and-volunteer-opportunities-info***.

## Alam mo ba?

Maaari mong piliing tumangging makatanggap ng ipinapadalang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at imbis ay basahin na lamang ito online sa ***sfelections.gov/vip***. Nakakatulong ito sa pagtitipid ng papel at mga mapagkukunan ng lungsod. Isumite ang iyong kahilingan sa ***sfelections.gov/voterportal*** o sa pamamagitan ng pag-scan ng QR code na ito.

## Mga Katanungan? Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon!

| | |
|---|---|
| English: | (415) 558-6100 |
| 中文: | (415) 558-6102 |
| Español: | (415) 558-6103 |
| Filipino: | (415) 558-6104 |
| Tiếng Việt: | (415) 558-6105 |
| TTY: | (415) 558-6108 |

Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl.
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

/ sfelections

***sfvote@sfgov.org* | *sfelections.gov***




Kailangan mo bang magparehistro o i-update ang iyong rehistrasyon bilang botante upang maipadala ang iyong balota sa tamang address? Pumunta sa ***registertovote.ca.gov*** o makipag-ugnayan sa amin upang humiling ng papel na form ng rehistrasyon. Ang huling araw ng pagpaparehistro upang makatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo ay Lunes, Mayo 18. Matapos ang Mayo 18, ang mga botante ay maaari pa ring magparehistro at bumoto ng personal sa City Hall Voting Center o sa isang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.

Ang mga opisyal na balota at materyales para sa eleksyon ay makukuha sa Ingles, Tsino, Espanyol, Filipino at Vietnamese. Nag-aalok din kami ng mga batayan ng balota sa Bengali, Burmese, Hindi, Hmong, Hapones, Koreano, Mongolian, Thai, at Urdu. Upang humiling ng balota at mga materyales ng eleksyon sa inyong nais na wika, pumunta sa ***sfelections.gov/language***.

CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DEPARTMENT OF ELECTIONS

## Ano ang nasa balota?

Sa Eleksyon sa Hunyo 2, 2026, lahat ng mga botante sa buong lungsod ay boboto sa mga labanan para mapunan ang mga katungkulang pang pederal, estado at lokal, kabilang dito ang Kinatawan ng Estados Unidos para sa Distrito 11 o Distrito 15, Miyembro ng Asembleya ng Estado para sa Distrito 17 o Distrito 19, isang pwesto para sa Lupon ng Edukasyon at para sa Hukom ng Korte Superyor. Ang mga botante sa mga Superbisoryal na Distrito 2 at Distrito 4 ay boboto rin upang ihalal ang kanilang Superbisor.

Ang mga botante ay boboto rin para sa ilang lokal na mga panukala sa balota kabilang ang isang Bond para sa Kaligtasan Laban sa Lindol at Pagtugon sa Emergency, isang amyenda sa Tsarter tungkol sa panghahabambuhay na limitasyon ng termino para sa Mayor at mga miyembro ng Lupon ng mga Superbisor, at dalawang Ordinansa Ukol sa Buwis sa Negosyo.

Upang alamin ang tungkol sa mga kandidato at mga panukala sa balota na makikita sa balota ng Hunyo 2, maaaring suriin ng mga botante ang lokal na Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at ang Gabay na mga Impormasyon para sa mga Botante, parehong naipadala noong Mayo.

### Karamihan sa mga botante ay hindi kinakailangang magpakita ng pagkakakilanlan kapag bumoboto

Ang isang botante ay hihingan ng ID kung sila ay boboto sa unang pagkakataon sa isang pederal na eleksyon, katulad ng Eleksyon sa Hunyo 2, 2026, at hindi siya nagbigay ng numero ng lisensya sa pagmamaneho, number ng ID mula sa estado, o ang huling apat na numero ng kanilang Social Security na nasa form ng kanilang rehistrasyon. Kung ito ay naaangkop sa iyo, mangyaring magdala ng pagkakakilanlan kung plano mong bumoto ng personal sa City Hall Voting Center o sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.

Kabilang sa mga tinatanggap na anyo ng pagkakakilanlan ay ang isang kamakailang singil sa utilidad, ang iyong buklet ng halimbawang balota, isang dokumentong inisyu ng ahensiya ng gobyerno, pasaporte, lisensya sa pagmamaneho o state ID kard, o student ID kard na may pangalan at larawan mo.

# Ano ang aking mga opsiyon sa pagboto?

## 1. Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Sa unang bahagi ng Mayo, ang Departamento ng mga Eleksyon ay magpapadala ng mga paketeng vote-by-mail, kasama ang isang opisyal na balota, mga instruksyon, isang "Bumoto Ako!" na sticker, at isang sobreng para sa pagbabalik na may bayad na selyo para sa bawat lokal na rehistradong botante. Ang sistema ng aksesibleng vote-by-mail sa online – na may mga balotang nababasa sa screen at maaring gamitin sa mga personal na makinang tagatulong – ay magbubukas din para sa lahat ng botante sa ***sfelections.gov/access***.

Kung gumamit ka man ng papel o aksesibleng balota, kailangan mo pa ring kumpletuhin ang tatlong mga hakbang:

| | Papel na Vote-by-Mail na Balota | Aksisibleng Vote-by-Mail na Balota |
|---|---|---|
| **1 Markahan** ang iyong Balota | Basahin ang mga instruksyon na nakalimbag sa inyong balota bago gawin ang mga pagpili. | Pumunta sa ***sfelections.gov/access*** upang ma-access ang iyong balota at basahin ang mga instruksyon online bago gawin ang mga pagpili. |
| **2 Ihanda** ang iyong Sobre | Tanggalin ang resibo sa itaas ng bawat kard ng balota at ilagay ang mga kard sa sobre ng pagbabalik. Kumpletuhin at pirmahan ang sobre, pagkatapos ay selyuhan ito. | I-print out ang iyong balota at ilagay ito sa loob ng sobre ng pagbabalik. Kumpletuhin at pirmahan ang sobre, pagkatapos ay selyuhan ito. |

**3 Ibalik** ang iyong Balota sa Lalong Madaling Panahon

- ✔ Upang mabilang, ang mga balotang ibinalik **sa pamamagitan ng koreo** ay dapat may tatak ng koreo (postmark) na hindi lalampas sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 2, at dapat matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon nang hindi lalampas sa Hunyo 9.

  Kung ipadadala mo ang iyong balota sa Araw ng Eleksyon, dalhin ito sa tanggapan ng koreo at humiling ng "mano-manong tatak ng koreo" o "manual postmark."

  *Bakit? Ang sulat na inihulog sa kahon ng koleksyon ng USPS sa Araw ng Eleksyon ay maaaring hindi matatakan ng koreo o makuha hanggang sa susunod na araw. Ang nahuling tatak ng koreo ay nangangahulugan na ang balota ay hindi maaaring bilangin.*

- ✔ Upang mabilang, ang mga balota na ibinalik nang personal ay kinakailangang maihulog **sa isang opisyal na kahon** ng balota o sa lugar ng botohan nang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 2, 2026.

Ang Departamento ng mga Eleksyon ay nag-aalok ng 37 opisyal na mga kahon ng hulugan sa mga komunidad sa buong San Francisco. Ang mga kahon na ito ay bukas ng 24 na oras bawat araw mula Mayo 4 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 2. Para sa mga lokasyon, bisitahin ang ***sfelections.gov/ballotdropoff***.

## 2. Maagang pagboto sa City Hall

Ang City Hall Voting Center ay bukas sa lahat ng mga taga-San Francisco na nais magparehistro para bumoto, bumoto nang personal, gumamit ng aksesibleng aparato para sa pagboto, tumanggap ng personal na tulong, o magbalik ng kanilang balota na ipinadala sa koreo.

- Tuwing Lunes hanggang Biyernes, Mayo 4 hanggang Hunyo 2 (maliban sa Mayo 25, Memorial Day), 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- Sabado at Linggo, Mayo 23-24 at Mayo 30-31, 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- Araw ng Eleksyon, Martes, Hunyo 2, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

## 3. Pagboto sa inyong Lugar ng Botohan

Sa Pagitan ng 7 a.m. at 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, 501 na lugar ng botohan ang bukas para sa pagboto nang personal at mga serbisyo para sa paghulog ng balota. Mahigit sa 2,000 na manggagawa sa eleksyon, na karamihan ay bilinguwal, ang maaaring tumulong sa mga botante sa kanilang mga nais na gamiting wika sa mga lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon. Ang address ng inyong lugar ng botohan, kasama ang impormasyon tungkol sa aksesibilidad, ay nakalimbag sa likod na pabalat ng inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante (ipinadala noong Mayo). Maaari din kayong bumisita sa ***sfelections.gov/myvotinglocation*** para mahanap ang inyong itinalagang lugar ng botohan.